

	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2022-0028
	Title	Quality Policy on the Diagnosis and Management of COVID-19 (In-Patient) in Adult as Reference of the Corporation

Tanong	Sagot
1. Ano ang nilalaman ng PhilHealth Circular No. 2022-0028?	Ito ay naglalaman ng patakaran na magiging gabay ng PhilHealth tungkol sa kalidad sa pagsusuri at pamamahala ng COVID-19 (In-Patient) para sa mga pasyenteng nasa hustong gulang.
2. Ano ang saklaw ng patakarang ito?	Ito ay gabay para sa lahat ng accredited hospitals ng PhilHealth na may kapasidad sa pagsusuri at pamamahala ng COVID-19. Ito ay batayan din para sa mga pasyenteng nasa hustong gulang na naospital dahil sa problema sa paghinga sanhi ng sa SARS CoV-2.
3. Ano ang COVID-19 disease?	Ito ay sakit na nakakahawa na dulot ng SARS CoV-2 virus. Karamihan sa mga taong nahawahan ng virus ay nakararanas ng banayad hanggang katamtamang karamdaman sa paghinga.
4. Ano-ano ang kadalasang klinikal na presentasyon ng isang taong may impeksyon ng COVID-19?	Ang karaniwang klinikal na presentasyon ng impeksyon sa COVID-19 ay nauugnay sa mga problema sa paghinga na maaaring mula sa banayad na kondisyon hanggang sa malubha o kritikal. Makararanas din ng mga sintomas na kagaya sa trangkaso tulad ng tuyong ubo (dry cough), baradong ilong (nasal congestion), sakit sa lalamunan, hirap sa paghinga, sakit ng katawan, at pagkapagod. Maaari ring mayroon o walang lagnat. Ang iba pang mga klinikal na presentasyon ng taong may COVID-19 impeksyon ay ang mga sumusunod: <ul style="list-style-type: none"> • Pagkawala ng amoy o panlasa • Kinapos sa paghinga • Sakit ng ulo • Sakit sa kalamnan • Pagtatae • Pagduduwal at pagsusuka
5. Ano ang confirmatory test o pagsusuri sa pagkumpirma sa mga taong may COVID-19 infection?	Ang kasalukuyang inirerekomendang pagsusuri upang kumpirmahin ang impeksyon sa COVID-19 ay ang Real Time Reverse Transcription Polymerase Chain Reaction (RT-PCR).

<p>6. Ano-ano ang antas ng kalubhaan ng sakit na COVID-19?</p>	<p>Ang mga sumusunod ay ang antas ng kalubhaan ng sakit na COVID-19:</p> <ul style="list-style-type: none"> a. Mild COVID-19 case b. Moderate COVID-19 case c. Severe COVID-19 case d. Critical COVID-19 case
<p>7. Ano-ano ang mga gamot para sa mga taong may impeksyon ng COVID-19?</p>	<p>Kasalukuyang walang gamot na inaprubahan para sa mga taong may sakit na COVID-19. Ang pangunahing rekomendasyon sa pamamahala ay nanatiling pansuportang pangangalaga.</p>
<p>8. Kailan dapat ibigay ang antibiotic sa mga taong may COVID-19?</p>	<p>Ang mga antibiotic ay maaaring ibigay lamang kung mayroong klinikal na sintomas na hinihinalang isang bacterial co-infection.</p>
<p>9. Kailangan pa bang magpakuha ng RT-PCR ang pasyente bago lumabas ng ospital?</p>	<p>Hindi na kailangang magpakuha muli ng RT-PCR ang pasyente bago lumabas ng hospital.</p>